Hulyo 2023

PRAYMER

Ang Budol ng Taon

Isang taon na mula noong umupo si Ferdinand Marcos Jr bilang Pangulo ng Pilipinas matapos ang isang makasaysayan at kontrobersyal na halalan noong Mayo 2022. Isang taon na ang lumipas simula noong humarap siya sa mamamayang Pilipino at nangako ng 'transpormasyon' para sa bansa. Isang taon na ring bumabyahe ang pangulo at humaharap sa mga dayuhang pinuno at kapitalistang bansa upang ipakalat na ang Pilipinas ay nasa maayos na landas tungo sa kaunlaran.

Kunwa'y mapagkumbaba nitong inulat ang kaniyang unang taon bilang *"work in progress."* Sinabi rin niyang *"there's still a long way to go"* para raw makamit at matupad ang kaniyang mga ipinangakong pagbabago sa bansa. Mistulang mga pagbabalatkayo ito para lang pahupain ang nag-iinit na pagkadismaya ng taumbayan.

Binatbat ang unang taon ni Marcos Jr ng sandamakmak na suliraning pang-ekonomiya at panlipunan. Mas sumahol ang kalagayan ng mamamayang Pilipino sa ngayon,

114 Timog Avenue,
Quezon City,
1103 Philippines
Tels. +63 2 8927 7060 to 61
Fax +63 2 8929 2496
www.ibon.org

habang ang mga kroni at oligarkong malapit sa pangulo ay nakikinabang at pinagkakakitaan ang mayamang rekurso ng bansa. Ginugutom ng gobyerno ang taumbayan sa patuloy na pagsasawalang bahala nito sa sumisirit na presyo ng mga bilihin, at pagbibingibingihan sa demand ng mga manggagawa para sa nakababuhay na sahod.

Sa kabila ng pag-upo rin ng pangulo bilang kalihim ng kagawaran ng agrikultura, wala ring naramdamang seguridad sa pagkain at pagginhawa sa kabuhayan mismo ng mga magsasaka. Hindi pa rin prayoridad ng pamahalaang Marcos Jr ang agrikultura at manupaktura – walang planong paunlarin ang mga sektor na ito sa kabila ng kanilang kahalagahan sa pagpapaunlad ng ekonomiya. Bagkus, mas sumandig ang pamahalaan sa pag-akit ng dayuhang pamumuhunan at importasyon ng mga batayang produkto – mga neoliberal na patakaran na lalo lang nagpapalala sa kalagayan ng lokal na mga industriya.

Rumampa si Bongbong Marcos, kasama ang kaniyang mga *economic managers* at miyembro ng gabinete sa mga *roadshows* sa iba't ibang bansa para ipangalandakang nasa landas na ng pag-unlad ang Pilipinas. Nagbulid sila sa buong mundo ng pantastikong larawan ng bansa bilang pangkumbinse sa mga dayuhang negosyante at nagpapautang.

Nasa kalagitnaan tayo ng sumisidhing krisis ng pandaigdigang ekonomiya na mas malala sa mga mahihirap na bansa tulad ng Pilipinas dahil sa deka-dekadang neoliberalismo at maka-elitistang mga patakaran. Kabalintunaan ng gobyernong Marcos Jr ang patuloy na pagtangan sa neoliberalismo bilang daan tungong pag-unlad. Buong-yabang pang sinasabi ng mga economic managers na mangunguna ang Pilipinas sa buong mundo sa *economic recovery*. Tahasang pagsisinungaling ang estilo sa unang isang taon ng gobyernong Marcos Jr. Lumalabas na isang malaking budol ito.

1 Ano ang sinapit ng mamamayan sa unang taon ng pamumuno ni Marcos Jr?

Bumungad sa unang buwan ng 2023 ang pinakamataas na implasyon sa loob ng 14 taon. Naitala ang 8.7% na tantos ng implasyon noong Enero 2023, halos triple ito sa naitalang rekord na 3% noong Enero 2022. Humupa ito sa 5.4% ngayong Hunyo 2023, kumpara sa 6.1% noong Hunyo 2022, pero ang Pilipinas pa rin ang may pinakamataas na implasyon sa Southeast Asia.

Walang ginawa ang administrasyong Marcos Jr para pigilan ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Pasibo itong naghintay ng pagbagal ng implasyon, na hindi naman nangangahulugan ng pagbaba ng presyo. Tuloy-tuloy pa ring tumataas ang presyo ng mga pagkain at inumin, pabahay at gastos sa bahay, kuryente at tubig, at gastusin para sa edukasyon, kalusugan, komunikasyon at transportasyon. Sa halip, ang patakaran lang ng pag-aangkat ang naging bukambibig ng administrasyon, na naging paborable lamang sa mga malalaking negosyante at mangangalakal.

Naging manhid ang gobyernong Marcos Jr sa pangangailangan ng mamamayan, maski pa panandaliang ayuda man lamang. Nangako ito ng ayuda na Php500, na ibibigay sa loob ng dalawang buwan sa 9.3 milyong pinakamahihirap na pamilya. Pero maski ang kakarampot na halagang ito ay pangakong ibinaon sa limot. Noong Abril 2023, nagsabi ang Department of Social Welfare and Development (DSWD) na wala pa ring ibinibigay ang pamahalaan na badyet para sa ipinangakong ayuda.

Dahil sa implasyon at katumalan ng pagtaas ng sahod, historikong bumagsak ang tunay na halaga ng sahod. Halimbawa sa National Capital Region (NCR) ang tunay na halaga ng nominal na sahod na Php570 ay lalo pang lumiit mula sa Php 508 noong Hunyo 2022 tungong Php 481 ngayong Hunyo 2023. Isa ang NCR sa labing-isang rehiyon ng bansa na nakaranas ng pagbagsak ng tunay na halaga ng sahod. Ang Region IV-B ang may pinakamababang tunay na halaga ng sahod na umaabot lamang sa Php279, sinundan ito ng BARMM na may Php285 at ng Region XIII na Php286.

Hindi nakinig ang pamahalaang Marcos Jr sa kahilingan ng mga manggagawa para sa umento. Isang taon ang makalipas bago nag-mandato ang gobyernong

Marcos Jr ng barat na barat na Php40 na pagtaas ng sahod, at sa NCR lamang. Ang layo nito sa mga petisyon ng mga manggagawa (Php750 man o yung Php1,100). Ang layo rin ng bagong nominal na sahod na Php610 sa kasalukuyang *family living wage* (FLW) na Php1,163, ang halagang kailangan ng pamilyang may limang miyembro para mabuhay nang disente. Lumalabas din na ang bagong buwanang sahod na Php13,420 ngayon sa NCR ay mababa pa sa *poverty threshold* o pamantayan ng kahirapan sa NCR.

Malayo rin ang ibang rehiyon sa kanilang tinatayang FLW, at wala maski isa sa kanila ang nakatanggap ng pagtaas ng sahod sa unang taon ng administrasyong Marcos Jr. Samantala, 9 ang *wage hikes* sa unang taon ni Arroyo, 17 kay Noynoy Aquino, at 11 sa ilalim ni Duterte. Butata ang gobyernong Marcos Jr.

Walang nangyari sa pangako ng gobyerno na bubuti ang sitwasyon kapag nagbukas na ang ekonomiya, dahil kahit *back to normal* na mula sa pandemya ay wala namang babalikang trabaho o hanapbuhay ang masang anakpawis. Ipinagmamalaki ng mga economic managers na bumaba na ang tantos ng kawalan ng trabaho sa 4.5% noong Abril 2023, pero pumapangalawa pa rin ang Pilipinas sa Southeast Asia sa kawalan ng trabaho.

Napagtatakpan din ang krisis sa trabaho dahil binibilang ng pamahalaan ang mga *informal workers* bilang bahagi ng employed. Lumalabas na 73 sa kada 100 *employed* ay informal workers. Konti lang tuloy ang nabibilang na walang trabaho. Sa ilalim ni Bongbong Marcos, sa bawat 10 inulat na nalikhang trabaho, 8 ay part-time. Mula Hunyo 2022 hanggang Abril 2023, 4.5 milyon ang nabawas sa *full-time* na manggagawa, habang 5.5 milyon naman ang nadagdag na part-time.

Lumala ang kahirapan sa bansa. Sa opisyal na datos, may 3.5 milyong pamilya (13.2%) o 20 milyong populasyon (18.1%) lamang ang binibilang na mahirap ng gobyerno. Napapaliit ng pamahalaan ang tantos ng kahirapan dahil sa mababang pamantayan sa pagbibilang ng mahihirap. Nasa Php79 ang poverty threshold kada indibidwal kada araw. Sa kabila ng kababaan ng taya na ito, pang-apat pa rin ang Pilipinas sa Southeast Asia sa malalang kahirapan at pangalawa sa kagutuman.

Samantala, tuloy-tuloy ang pagyaman ng mga lokal na oligarkiya sa ekonomiya. Lubhang tumaas ang *net worth* ng mga bilyonaryo ng Pilipinas sa kalagitnaan ng krisis. Sa ngayon, ang yaman ng dating Senador Manny Villar ay aabot na sa Php471.2 bilyon, mas malaki nang Php60 bilyon kumpara sa kabuuang yaman niya noong 2022. Si Enrique Razon Jr naman ay nagtala ng Php400 bilyon na kabuuang yaman, mas mataas ng Php105.3bilyon kumpara sa rekord niya noong 2022. Nangyari ang mga ito habang bumabagsak ang tunay na halaga ng sahod ng mga manggagawa na bugbog sa pagtaas ng presyo at kawalan ng umento sa sahod.

Hinayaan lang ng administrasyong Marcos Jr na mahulog sa kumunoy ng kahirapan ang mayorya. Kinuripot nito ang pagbibigay ng badyet para sa ayuda sa mga mahihirap at para sa mga panlipunang serbisyo at proteksyon. Maski ang badyet para sa Pantawid Pamilyang Pilipino program o 4Ps na ipinangangalandakan ng administrasyon na huhupa sa kahirapan ay bawas din ng halos Php5 bilyon. Hindi na nga sapat ang 4Ps para maibsan ang kahirapan, nagbanggit pa ang presidente na dapat bawasan ang bilang ng mga benepisyaryo ng programang ito.

Sa kaniyang pinakaunang inaprubahan na badyet, bukod sa napakaliit ng tantos ng paglaki nito, makikitang mababa ang alokasyon para sa mga esensyal na sektor at programa para sa pagpapaunlad ng bansa. Kakarampot ang inilaan at inilaki ng badyet para sa mga serbisyong panlipunan, na kapos na kapos pa rin sa laki ng pangangailangan ng bansa. Nananatiling hindi abot-kaya ang edukasyon, pabahay at kalusugan dahil pinababayaan ito ng gobyerno. Patuloy din ang pamahalaan sa pagtutulak ng pribatisasyon ng mga serbisyong ito.

Kitang-kita rin sa paghahati ng taunang badyet kung ano-anong sektor ang lubos na pinapaboran ng gobyernong Marcos Jr. Higit na malaki ang inilaan sa imprastruktura sa pamamagitan ng Department of Public Works and Highways (DPWH) at Department of Transportation (DOTr) kumpara sa mga serbisyong panlipunan na ibinibigay ng Department of Health (DOH) at DSWD. Katiting lang din ang inilaang badyet para sa pabahay sa kabila ng ibinalitang kakulangan na 6.5 milyong pabahay sa bansa.

Labis-labis din ang pagpapabaya ni Marcos Jr sa sektor ng agrikultura sa kabila ng pangako niyang papaunlarin ito. Isang taon na rin simula ng italaga niya ang

sarili bilang kalihim ng Department of Agriculture (DA), at hanggang ngayon ay wala pa ring nangyayaring pagbabago sa sektor. Patuloy ang pagtaas ng presyo ng mga produktong agrikultural, lalong hindi abot-kaya ang mga pagkain, at lumalala ang kahirapan ng mga magsasaka, mangingisda, at manggagawang bukid.

Sino ang makakalimot sa mala-gintong presyo ng sibuyas sa unang bahagi ng taon? Sabay-sabay din ang paglobo ng presyo ng asukal, tinapay, itlog, mantika, at isda. At imbes na suportahan ang lokal na agrikultura para makaagapay sa produksyon, mas binuksan ang bansa sa mga *imported* na kalakal. Patuloy na depisito ang kalakalan sa agrikultura, at naitala ang pinakamataas na depisito sa sektor noong 2022 sa loob ng 43 taon. Nangangahulugan ito na kronikong patakaran ng pag-aangkat ang pinaiiral kaysa pagkakaroon ng sarplas sa produksyon.

Mahalagang sektor ang agrikultura sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa. Pero dahil patuloy itong pinababayaan ng administrasyon, hindi nito naaabot ang pinakamalaki niyang potensyal para sa pag-ambag sa lokal na ekonomiya.

Ipinagmamalaki ng administrasyong Marcos Jr ang paglago ng ekonomiya sa bansa bilang isa sa pinaka-masigla sa Southeast Asia. Pero hindi kayang itago ng pamahalaan na bumabagal na ang sinasabing paglago ng ekonomiya. Sa unang bahagi ng taon ay bumagal sa 6.4% ang paglago ng *gross domestic product* (GDP), katunayan na hindi sustenable ang naitalang paglago o ipinagmalaking economic recovery.

Bumagal din ang paglago ng industriya, mula sa 10% noong unang kwarto ng 2022 tungong 3.9% sa parehong kwarto ng 2023. Sa mga subsektor ng industriya, bumagal ang paglago ng konstruksyon habang kapansin-pansin ang pagliit ng pagmimina. Naging mabagal din ang paglago ng agrikultura, na nasa 2.2% sa unang kwarto ng 2023 kumpara sa 2022. Pero lumiit pa ang bahagi nito sa ating ekonomiya mula 9.4% noong unang kwarto ng 2022 patungong 9.1% sa parehong panahon ngayong 2023.

Lumubha ang kalagayan ng mamamayan sa unang taon ni Bongbong Marcos, sa kabila ng pagpostura ng pangulo ng pagiging masayahin at

puno ng pag-asa. Sa likod ng pagpapanggap na may pakialam sa lumalalang sitwasyon, pinatunayan ni Bongbong Marcos ang kahinaan sa pangangasiwa at pamumuno, kawalang pakialam at sinseridad, at pag-una sa pansarili at elitistang interes. Makikita ito sa mga inatupag niya.

2 Ano ang tampok sa naging pagtugon ng gobyerno sa kalagayan ng ekonomiya?

IIpinagpapatuloy at pinapatindi lamang ni Marcos Jr ang mga neoliberal na patakaran. *Recycled* ang mga ipinangangalandakang programang pangkaunlaran – tanging mga pangalan at *acronym* lang ang napalitan pero nananatili sa lumang balangkas ng neoliberalismo.

Ang tampok – kailangang doble-kayod ang presidente sa pang-aakit ng dayuhang pamumuhunan dahil nga nasa krisis naman ang mundo. Nagwawaldas ng limpak-limpak na salapi ang gobyerno para pondohan ang mga biyahe sa iba't ibang bansa para lang makapanghimok ng dayuhang kapital. Ang matindi – inaasahan ang perang papasok para pondohan ang mga proyektong magpapayaman lang din sa mga malalaking lokal at dayuhang kapitalista. Ipinapakete ang mga proyektong ito na pangkaunlaran.

Noong Pebrero 2023, nagsabi ang pamahalaan na nakalikom ang *foreign trips* ni Bongbong Marcos ng Php3.48 trilyon na halaga ng komitment para sa 116 proyekto para sa bansa. Pinakamalaking bahagi ng mga *pledges* na ito ay nagmula sa China, Japan, Indonesia, Singapore, Thailand, US, at Belgium. Maganda nga naman ipamalita ito kahit nasa antas pa lang ng balak para kunwa'y may katuturan ang mga byahe ng pangulo.

Patuloy na naniniwala ang gobyernong Marcos Jr sa pagbibigay importansya sa dayuhang pamumuhunan para sa pag-unlad ng bansa. Sinasabi ng mga maka-neoliberalismo na maghahatid ng paglago ng ekonomiya ang dayuhang pamumuhunan sa pamamagitan ng pagpapatayo ng mga empresa, pagsasalin ng teknolohiya, paglikha ng trabaho, pagpapaunlad ng imprastruktura, at iba pa.

Pero sa kasaysayan ng bansa makikita na wala namang naidulot na pag-unlad sa lokal na ekonomiya ang pagbuhos ng malaking dayuhang kapital. Sa katunayan, sa kabila ng paglaki ng dayuhang pamumuhunan sa bansa,

lumiit pa rin ang bahagi ng agrikultura at manupaktura sa ekonomiya. Hindi rin nagresulta sa pagsalin ng teknolohiya ang mga itinayong pagawaan at empresa na pagmamay-ari ng mga dayuhan. At matingkad na hindi rin nakalikha ng marami at makabuluhang trabaho. Sinamantala lang ng mga dayuhang kapitalista ang murang lakas-paggawa, hilaw na materyales at imprastraktura para sa kanilang pagnenegosyo. Sa madaling salita, nagsisilbi lang na lokasyon ang Pilipinas para sa dayuhang negosyante. Kaya naman nauuwi lang ang gobyerno ng Pilipinas sa pagpapahusay ng imprastraktura at paglalako ng Pilipinas sa turismo.

Sa datos ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) nitong unang kwarto ng taon, pinakamalaking bahagi (54.4%) ng mga pumasok na dayuhang puhunan ang napunta sa manupaktura, pero sa parehong panahon ay naging mabagal ang paglago ng sektor.

Naratipikahan sa ilalim ng administrasyong Marcos Jr ang pagsanib ng Pilipinas sa Regional Comprehensive Economic Partnership o RCEP. Higit pang bumaba ang mga taripa sa mga *imported* na produkto, laluna sa mga produktong agrikultural at pagkain. Luging-lugi na ang Pilipinas sa balanse sa kalakalan sa agrikultura mula sa pagpasok nito sa World Trade Organization (WTO), nakuha pa rin talaga ng administrasyong Marcos Jr ang sumali sa RCEP. Malinaw na walang planong maglagay ng batas na magbibigay proteksyon sa agrikultura at mga lokal na industriya. Dehadong lubos ang Pilipinas dahil patakaran din ng gobyerno na huwag maglaan ng substansyal at direktang suporta sa lokal na produksyon.

Kasabay ng pang-aakit ng gobyernong Marcos Jr ng dayuhang pamumuhunan ang pangungutang sa mga global na pampinansyang institusyon tulad ng Asian Development Bank (ADB) at World Bank. Umabot na sa Php14.1 trilyon ang utang panlabas ng gobyerno ngayong Mayo 2023, at tinatayang nasa Php1.3 trilyon ang naidagdag ni Marcos Jr sa utang na ito, lampasan sa target ng pamahalaan.

Pinapanatili ng pamahalaang Marcos Jr. ang patakaran ng mga nagdaang administrasyon na lubos-lubos ang pangungutang at paglalaan ng malaking bahagi ng inutang para lang sa pambayad-utang. Tinutuloy lang nito ang obsesyon sa pagpapanatili ng *creditworthiness* o yung tsapa ng kahusayan

sa pangungutang at pagbabayad nito para bigyang-kumpyansa ang mga mamumuhunan at para patuloy pa itong makapangutang.

Mabuti sana kung may malinaw na plano at pagsasakatuparan ang gobyerno ng kaniyang programang pangkaunlaran na pinopondohan ng dayuhang kapital at utang. Pero hindi naman ang ordinaryong mamamayan ang tunay na makikinabang dito kundi ang mga malalaking negosyo at oligarkiyang malapit sa pangulo.

Pinatampok ng pamahalaan noong Marso 2023 ang kaniyang Infrastructure Flagship Projects (IFPs), listahan ng mga malalaking proyektong imprastruktura na para diumano sa pagpapasigla at pagpapaunlad ng ekonomiya. Binansagan ni Marcos Jr ang programang ito na “Build Better More” o BBM na halatang pinilit sa initials ng presidente at halaw mula sa “Build Build Build” (BBB) na programa ni Duterte. Mayroong 194 IFPs, 71 rito ang galing sa nakaraang administrasyon at 123 ang dagdag ng administrasyong Marcos Jr.

Tinatayang aabot sa Php9 trilyon ang kabuuang halaga ng BBM ni Marcos Jr kaya hindi kataka-takang masugid ang pag-akit ng pondo para rito. Magmumula ang pondo sa taunang badyet ng gobyerno, sa mga pautang na *official development assistance* (ODA) mula sa mga mayayamang bansa, at sa pribadong sektor sa pamamagitan ng *public-private partnerships* (PPP).

Pawang malalaking negosyante ang nakikinabang sa mga proyektong ito, sa pamamagitan ng kanilang negosyo sa imprastruktura at real estate at sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mahusay na imprastruktura para sa kanilang negosyo. Nagsisilbing instrumento ang BBM para pagkakitaan ng mga oligarko sa pamamagitan ng pagkuha ng mga kontrata para sa mga proyekto at gawin itong ekspansyon ng kanilang mga negosyo. Isang halimbawa ang binubuong MRT-7 na nasa kamay ng San Miguel Corporation na pagmamay-ari ni Ramon Ang na naging susi sa pagpapalawak ng mga real estate na negosyo ng mga Villar, Ayala, at Sy, sa karatig na siyudad ng San Jose Del Monte sa Bulacan.

Malaking bahagi ng unang aprubadong badyet ni Marcos Jr ang binuhos sa imprastruktura habang tinitipid naman ang badyet para sa mga batayang serbisyo at proteksyong panlipunan. Nasa 15.6% ng badyet para sa 2023 ang napunta para sa mga proyektong imprastrukturang pangkomunikasyon at

transportasyon, samantalang 5.9% lamang ang para sa kalusugan at 9.9% para sa panlipunang seguridad at empleyo. Mas inuuna pa ang pagpopondo sa mga proyektong ito kesa ang pagresponde sa tunay na pangangailangan ng mamamayan.

Naging matingkad din sa unang taon ni Bongbong Marcos ang pagtutulak niya sa dagdag na regresibong buwis na patuloy na magpapabigat sa pasanin ng mamamayan. Ilang beses na lumitaw na usapin ang pagpapataas ng *sin tax* o ang buwis na ipinapataw sa mga produktong may hindi magandang epekto sa kalusugan tulad ng sigarilyo at *e-cigarette*, alak, at matatamis na inumin. Diumano ang mga buwis na nakokolekta sa mga produktong ito ay pinagkukuhaan ng gobyerno ng badyet para sa kalusugan.

Nasa mahihirap na saray nagmumula ang kalakhan ng konsumo ng mga produktong ito. Sa halip na gawing mura ang masustansyang pagkain at ibawal na lang ang paglikha ng mga bisyo, mas pinili pang buwisan ng pamahalaan ang mga ito. Ang siste, kakarampot lang naman ng nalilikom na sin tax ang napupunta sa badyet para sa kalusugan.

Pinaplano rin ng gobyerno ang pagpapalawak pa lalo ng *value-added tax* (VAT) at idadagdag pa sa serbisyong sakop nito ang mga *digital platforms* at *digital services*. Itinutulak din ng pamahalaan ang pagpataw ng buwis sa paggamit ng mga *single use plastic* na panibagong dagdag na naman sa mga sasaluhing buwis ng ordinaryong mamamayan. Nanatili rin ang dagdag na excise tax sa petrolyo na lubos na nakakaapekto sa presyo ng ilang batayang serbisyo at bilihin.

Isang kabalintunaan ang ginagawa ni Marcos Jr na pagtutulak na buwisan ang iba't ibang serbisyo at produkto gayong ang kaniyang pamilya ay may Php203 bilyon pang hindi binabayaran na buwis. Ilang dekada rin nilang tinatakasan ang obligasyon na ito, at malabo nang masingil pa sa kanila ito ngayong nakaupo na siyang pangulo.

Katulad ni Marcos Jr, nakakatakas din ang mga mayayamang pamilya sa pagbabayad ng tamang buwis na maaari sanang gamiting pondo ng pamahalaan. Mas pinatitindi ng gobyerno ang pagbubuwis sa mga mahihirap kesa ibuhos ang atensyon sa pagsingil ng karampatang buwis sa mga

bilyonaryo at naghaharing uri. Sa taya ng IBON, kayang umabot sana sa Php468.8 bilyon kada taon ang makokolektang buwis sa 2,945 na bilyonaryo sa bansa. Halos katumbas ito ng 2023 badyet na inilaan para sa DOH (Php209 bilyon), DA (Php86 bilyon), at DSWD (Php196 bilyon). Kung tutuusin, maliit nga lang na bahagi ng pinagsama-sama nilang yaman ang buwis na ito at hindi mabigat sa kanilang bulsa.

Patuloy ang paghahanap ng gobyerno ng iba't ibang paraan ng paglikom ng pondo at isa pa sa mga nakita nila na pwede pagmulan ng rekurso ay ang pagtatatag ng *sovereign wealth fund* sa bansa. Bago matapos ang 2022, biglang sumulpot ang panukalang ito na tinawag nilang Maharlika Investment Fund, isang panukala mula sa pamilyang Romualdez-Marcos sa Kongreso. Matapos nito isinama pa ni Bongbong Marcos sa kanyang *priority bills* at ipinaratsada ang pagpapatupad ng Senado.

Sinasabi sa unang bersyon ng panukalang batas na maaaring kumuha ng pondo para sa Maharlika Investment Fund mula sa iba't ibang pampinansyang institusyon sa ilalim ng pamahalaan: ang Landbank, Development Bank of the Philippines (DBP), Government Service Insurance System (GSIS), at Social Security System (SSS). Naging kontrobersyal ang panukalang ito laluna ang pagsama sa *pension funds* ng mga Pilipino para pondohan ito. Nagkaroon ng panibagong bersyon ang panukalang batas at tinanggal diumano ang GSIS at SSS sa mga pagkukunan ng pondo para rito.

Umani ng maraming puna ang Maharlika na ito laluna't kwestiyonable ang kredibilidad nito dahil ang pangulo mismo ang maaaring magtalaga ng mga mangangasiwa nito. Napakabulnerable rin ng ganitong mekanismo sa korapsyon dahil ang panukalang batas mismo ay hindi *transparent* at walang sistema ng pagpapakita sa status ng mga pondong mapupunta rito.

Malinaw na kasakiman ang nagtutulak sa Maharlika. Bukod sa napakalaking kikitain ng mga mangangasiwa rito ay pihadong murang pinansya ito na magagamit ng mga oligarkong malalapit sa pangulo, ang kaniyang mga kroni, sa mga proyekto nila sa imprastraktura, real estate at iba pang pamumuhunan na may mataas na risgo. Sila lang din ang makakapagsabi kung saan kapaki-pakinabang ang pamumuhunan at proyekto, kaya kabalintunaan na para ito sa mga programang pangkaunlaran. Delusyonal din ang ipinapangako nitong

kikita ng 8.6% ang Maharlika Investment Fund sa loob ng 10 taon dahil ang karaniwang *rate of returns* ng ganitong sistema sa mundo ay 6.6% lamang. Kahit ang Norges Bank ng Norway na isa sa mga pinakamatatag na sovereign wealth fund sa mundo ay may *annual rate of return* lamang na 7.4 porsyento.

Isang malaking budol ang pinapangakong balik-taya ng Maharlika lalo pa't wala namang magandang karanasan ang bansa sa ganitong tipo ng *centralized funds.* Bagkus ang mga naging inisyatibo na kamukha nito tulad ng *coco levy funds* ay lubos na pinagkakitaan lamang ng mayayamang pamilya tulad ng mga Cojuangco at nagdulot ng malaking paghihirap sa mga magsasaka.

Sa totoo lang, isang malaking porma ng *presidential pork barrel* ang pagtatayo ng Maharlika Investment Fund. Kontrolado ito ng presidente – siya ang magtutukoy kung sino ang mangangasiwa nang sa gayon ay may kontrol din siya kung sino ang makakagamit at para saan. Makasarili ang layunin at pagsesentro ito ng kapangyarihang pang-ekonomiya at pampolitika sa kamay lang ng pangulo. Paborable ito sa kaniyang pagtangan sa kapangyarihan at syempre sa kapakinabangan sa pondo mismo.

Sa gitna ng malalang krisis sa kabuhayan at hanapbuhay, imbes na unahin ng gobyernong Marcos Jr ang mga panukalang tutulong sa mamamayan tulad ng umento sa sahod, mas pinili pa nitong madaliin ang pagpapatupad ng Maharlika. Malinaw sa kaniyang unang taon na magpapatuloy lamang ang mga neoliberal na patakaran sa kabila ng deka-dekadang dulot na paghihirap at krisis ng ganitong direksyon sa ating bansa. Malayo sa tanaw ng gobyerno ang pagpapabuti sa kalagayan ng bansa dahil mas uunahin ng mga nakaupo sa poder – ang namumunong pamilyang Marcos at ang mga kroni nitong mga lokal na oligarkiya sa ekonomiya – ang pansariling interes. Ang umiigting na kontradiksyong ito ang nagpapasahol sa lagay ng politika.

3 Paano sumahol ang pampolitikang kalagayan? Paano hinarap ni Bongbong Marcos ang mga usapin sa karapatang pantao at demokrasya?

Nakonsolida ni Marcos Jr ang *super-majority* sa lehislatibo at *loyalty* o katapatan ng hudikatura sa kaniya. Malaking porsyento ng nakaupong kongresista at senador ang alyado ng tambalang *Uniteam* nina Bongbong Marcos at Sara Duterte, at sobrang liit na bilang na lamang ang nakapailalim sa *minority* at *opposition* sa Kamara at Senado. Si Marcos Jr din ang nagtalaga ng mga *chief justice* at *associate justice* na malapit sa kaniyang pamilya.

Sa tantya ng IBON, halos 92% ng Senado, 94% ng Kamara at 95% ng mga lokal na pamahalaan ang kaanib ng kampong ito. Dahil sa ganitong itsura ng pamahalaan, hindi na nakakagulat ang mabilis na pagpasa ng mga panukalang batas na pabor sa pangulo at kaniyang mga kroni at kasapakat, lalo na't sunud-sunuran lamang ang mga opisyales sa ikukumpas ng kampong Marcos.

Pero may *unity* nga ba sa kanila na pare-parehas na gahaman sa kapangyarihan? Sa unang taon, nakitaan agad ng pagkabuway ang alyansang Marcos Jr at Duterte. Umingay ang bali-balita na mayroong pinaplanong kudeta ang dating pangulong Gloria Arroyo para makuha ang house speakership mula sa pinsan ng pangulo na si Martin Romualdez Jr. Pinabulaanan ng parehong kampo ang balitang ito pero sa kalagitnaan ng ganitong isyu ay biglang nagbitiw si Sara Duterte sa partidong Lakas-CMD kung saan siya mismo ang pinuno.

Mabuway ang unity ng Marcos-Duterte dahil kasakiman ang batayan nito – ito ang magiging dahilan ng kanilang maagang pagkalusaw. At ngayong nakikita na nila na banta ang isa't isa para makuha ang sari-sariling interes, mas mawawasak ang binuo nilang mabuway na alyansa. Hindi na dapat kataka-taka para kina Sara Duterte at Gloria Arroyo na sadyang kakaiba ang kanilang inaalyado. Taglay ni Bongbong ang dugong Marcos – dinastiko, korap sa kataas-taasan, diktador, at mapanlinlang.

Gumuguho ang demokrasya sa bansa. Makikita ito sa apat na manipestasyon, at una na nga riyan ang sistematiko at malawakang panlilinlang at kampanya ng disimpormasyon. Ginamit ito ng kampong Marcos-Duterte para ipanalo ang mga sarili sa eleksyon – si Duterte noong 2016 at Marcos Jr noong 2022.

Nililinis at pinapabango ang pangalan ng pamilyang Marcos sa pamamagitan ng paggamit ng *social media* at *mainstream* media para sa tahasang pagsisinungaling at paggawa ng mga mito. Patuloy ang pagrerebisa ng kasaysayan para tuluyang burahin ang malagim na alaala ng Martial Law ng diktadurang Marcos Sr. Hindi rin malayong tuluyan nilang palitan ang nilalaman ng asignaturang Kasaysayan sa mga kurikulum ng pampublikong eskwelahan. Maitulak kaya ito sa Department of Education (DepEd) sa ilalim ni Sara Duterte?

Gamit na gamit ng gobyernong Marcos Jr ang *followers* sa iba't ibang *social media platforms* tulad ng YouTube, Facebook, Tiktok, Instagram at Twitter. Marami rin itong bayarang *influencers* at *troll armies* na patuloy sa pagpapakalat ng disimpormasyon.

Wala raw lugar ang fake news sa lipunan, ani Bongbong Marcos, gayong sila naman ng pamilya niya at mga binayarang *creative communicators* ang nagpapakalat ng mga ito sa kanilang kapakinabangan. Iniulat din mismo ng Facebook at Twitter na maraming mga page at *account* ang sinuspinde nila dahil sa pagpapakalat ng mga maling impormasyon.

Namamayagpag din ang disimpormasyon sa mainstream media tulad ng telebisyon, radyo at dyaryo. Napabalita na ang pagpasok ng *joint venture agreement* ng ABS-CBN, na tinanggalan ng prangkisa sa ilalim ng administrasyong Duterte, at ng Prime Media Holdings Inc (PMHI) na pagmamay-ari ni House Speaker Romualdez.

Dati nang namamayagpag sa radyo ang PMHI. Nag-umpisa ito bilang isang *regional* na *radio network* sa Eastern Visayas na balwarte ng mga Romualdez. Marami nang naitayong istasyon ang PMHI sa buong bansa. Mas lalo ngayong lumawak ang kayang abutin ng makinaryang pamproganda ng pamilyang Marcos. Maliban pa rito, matindi rin ang paggamit sa PTV4 na pagmamay-ari ng gobyerno bilang *propaganda machinery* ng nito. Gayundin ang Sonshine Media Network International (SMNI) na pagmamay-ari naman ng malapit na alyado ng mga Duterte na si Apollo Quiboloy.

Grabe ang epekto ng disimpormasyon sa taumbayan. Nagiging buhaghag ang pag-iisip ng publiko at lumilikha ito ng pagdududa sa pag-iisip at sa kung

ano nga ba ang matuturing na totoo. Lumalabo ang katotohanan. Sinusupil nito ang kritika at pagsalungat. Sinusuhayan nito ang praktika ng *red-tagging*, o ang pagbansag na terorista ang mga grupo at taong ipinaglalaban ang kanilang mga karapatan; at pinapakitid nito ang espasyo ng demokrasya. Dahil dito, nagagamit ang pagkakawatak-watak na ito para mamayagpag ang populismo at awtoritaryanismo, na siyang ginawa nila Duterte at Marcos Jr.

At iyan na nga ang pangalawang manipestasyon ng gumuguhong demokrasya sa ilalim ng gobyernong Marcos Jr – ang tumitinding atake sa kritika at pakikibaka ng kilusang masa. Malaking pakinabang ng gobyernong Marcos Jr sa iniwang makinarya ng panunupil ni Duterte – ang Anti-Terrorism Law (ATL) na nagagamit na ngayon ni Bongbong para ipakulong ang mga kritiko nito. May 15 tao na ang nabansagang terorista ng Anti-Terrorism Council (ATC) sa unang taon ni Marcos Jr.

Gamit na gamit ni Bongbong Marcos ang iniwang pamana ni Duterte na whole of nation approach sa pagpapatahimik nito sa kanyang mga kritiko. Ginagamit ng mga ahente ng ELCAC ang mga paaralan at unibersidad para mang-redtag at magpropaganda laban sa mga organisasyon ng mamamayan. Sinasamantala rin ng ELCAC ang Anti-Money Laundering Act (AMLA) para pagbintangan ang ilang organisasyon ng pagpopondo ng mga gawaing terorismo. Matindi rin ang koordinasyon ng NTF-ELCAC at iba't ibang local government unit, at makikita ang presensya nito sa iba't ibang programa ng gobyerno.

Hindi humupa, bagkus tumindi ang paglabag sa mga karapatang pantao, maski pa masigasig ang pagpapanggap ng gobyerno na hindi ito kasing-sahol ng administrasyong Duterte. Nagbigay-kumpyansa pa si Bongbong sa harap ng mga delegado ng United Nations na nasa maayos na sitwasyon ang karapatang pantao sa bansa. Kasinungalingan ito dahil hindi naman ipinatigil ng gobyernong Marcos Jr ang mga programang inumpisahan ni Duterte na patuloy na lumalabag sa mga batayang karapatan ng mamamayan. Kabilang dito ang giyera kontra-droga, red-tagging, panghaharass, pagdakip at pagpatay sa mga aktibista at *civil society organizations*, pagpapatahimik at pagpatay sa mga kawani ng media, at pagpapakulong sa mga kritiko ng pamahalaan.

Hindi pa pinapatigil ni Marcos Jr ang giyera kontra-droga. Sa katunayan sa isang pag-aaral ng Unibersidad ng Pilipinas (UP), may naitalang 300 kaso

ng pagpatay sa ngalan ng droga sa ilalim ni Marcos Jr. Malinaw din ang pagtanggi ni Bongbong na makisama sa imbestigasyon na gustong gawin ng *International Criminal Court* o ICC patungkol sa ikinasong *crimes against humanity* laban sa dating pangulong Duterte patungkol sa kaniyang *war on drugs*.

Mas pinatatag din ng administrasyong Marcos Jr ang inumpisahan ni Duterte na National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) sa pamamagitan ng pagtalaga kay dating General Eduardo Año bilang *vice-chairman* at kay Sara Duterte bilang co-vice-chairman. Nilakihan din ng pamahalaan ang badyet ng huwad na *barangay development program* ng NTF-ELCAC na may alokasyong Php6.3 bilyon ngayong 2023, mas mataas sa badyet nitong Php5.6 bilyon noong 2022. Nagiging instrumento ng NTF-ELCAC ang malaking pondo na ito para ipagpatuloy ang panreredtag at panghaharass sa mga aktibista at mga civil society organization.

Sa paunang tala ng grupong Karapatan, mula noong Hulyo 2022 hanggang Hunyo 2023, mayroon nang 49 aktibistang nakulong, at karamihan sa mga ito ay mula sa Bicol at Western Visayas. Sa panahon ding ito umabot sa 60 ang biktima ng *extrajudicial killings* o pagpatay, at 8 naman ang kaso ng *enforced disappearances* o sapilitang pagdukot at pagkawala. Patuloy naman ang militarisasyon sa kanayunan –umabot na sa halos 14,000 katao ang apektado ng pambobomba at *indiscriminate firing* sa kanilang mga komunidad.

Hindi man kasing barubal ni Duterte umasta si Marcos Jr, hindi nangangahulugang huhupa na ang paglala ng pampolitikang kalagayan, paglabag sa karapatang pantao, at pagguho ng demokrasya. Napakinabangan nang husto ni Bongbong Marcos ang mga naumpisahang sistema at mekanismo ng panlilinlang at panunupil. At sa *whole of nation approach* nito sa pagsupil ng mga kritiko ay kaya nang ipatupad ng pamahalaan ang batas at programa sa kapakinabangan ng naghaharing uri.

At iyan na nga ang pangatlong manipestasyon ng gumuguhong demokrasya – ang pamamayani o oligarikya sa ekonomiya at politika ng bansa ng mga kroni at malapit sa gobyernong Marcos Jr. Anuman ang kahihinatnan ng biyak sa naghaharing uri, ang malalaking negosyante pa rin ang tunay na panalo – sila ang nagbubuhos ng pondo para sa kampanya ng mga trapong politiko

at ang unang makikinabang kapag nakaupo na ang mga pinatakbo. Sila ang lubusang makikinabang sa mga pinapasang batas at patakaran ng pamahalaan na nakatalima sa neoliberalismo.

Binigyan ni Marcos Jr ng posisyon sa kaniyang gabinete ang mga taong may malalim na koneksyon sa mga lokal na oligarkiya sa ekonomiya katulad nila Aboitiz, Ayala, Ramon Ang, Enrique Razon, at Manny Pangilinan. Pinalakas din ni Bongbong Marcos ang kaniyang Private Sector Advisory Council (PSAC) na pinamumunuan ni Aboitiz kasama ang ilang prominenteng negosyanteng pamilya sa bansa. Ang PSAC ang magiging daan ng mga pamilyang ito para mas mapakinabangan ang mga rekurso ng bansa at mapagkakitaan ito.

Patuloy din ang pagbibigay ng mga malalaking proyektong imprastruktura sa San Miguel Corporation na pagmamay-ari ni Ramon Ang. Samantala, nakikitang gaganansya nang husto sila Aboitiz, Ayala at Razon sa mga nakapilang proyekto para sa tinutulak mismo ng presidente na mga *renewable energy project*. Inaasahan din na mas makakakuha ng malalaking proyekto ang pamilyang Villar, na ngayon ay may dalawang miyembro na sa senado, na mas magpapalaki sa kita ng kanilang mga negosyo. Sa ngayon, lagpas na sa 100 *local water districts* ang napasakamay ng mga Villar sa pamamagitan ng pagpasok sa mga *joint venture agreement* ng pagmamay-ari nilang Primewater Infrastructure Corporation.

Sila ang konsiderasyon sa pagtutulak ng pamahalaan ng programang imprastraktura, ang BBM. Sila rin ang nasa likod ng pagtutulak ng Maharlika Investment Fund nang sa gayon ay magkaroon sila ng murang pinansya para sa kanilang mga proyekto, bukod pa syempre sa pakinabang mismo ng pamilyang Marcos. Sila ang nakikinabang sa liberalisasyon ng importasyon at dayuhang kapital, pribatisasyon ng mga sektor ng ekonomiya, at ang pag-urong ng estado sa kaniyang mga responsibilidad.

Ang pang-apat na manipestasyon ng kawalan ng demokrasya ay ang kawalan ng kasarinlan ng gobyernong Marcos Jr sa kaniyang patakarang panlabas. Mas palalawigin ito sa susunod na tanong.

4 Ano ang implikasyon ng naging pangangayupapa ng gobyernong Marcos Jr sa militarista at pang-ekonomiyang interes ng US?

Napakabilis ng pagbabalik-loob ni Bongbong Marcos sa US sa loob lamang ng isang taon. Sinimulan ng magkasunod na pagbisita sa Pilipinas nina US Secretary of State Antony Blinken noong Agosto 2022 at US Vice President Kamala Harris noong Setyembre. Sinundan ito ng paglipad ni Bongbong sa New York City sa parehong buwan, at sa wakas ay nakatapak muli sa US. Bumisita naman si US Defense Secretary Lloyd Austin III nitong Enero 2023. Matapos ang pitong taon, idinaos ang kauna-unahang bilateral 2+2 *ministerial dialogue* ang mga kani-kaniyang *secretaries of state* o *foreign affairs* at *defense* nitong Abril 2023. Pinakamatingkad ang pagpasok ni Bongbong Marcos sa White House nitong Mayo 2023.

Nakuha ng US ang gusto nito. Sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA), apat na bagong agreed locations o sityo ng pasilidad para sa kagamitan at tropang militar ng US ang binigay ng gobyernong Marcos Jr – dalawa sa probinsya ng Cagayan, isa sa Isabela, at isa pa sa Palawan. Dagdag ito sa lima na dati nang ibinigay ni Duterte. Magsisilbi ang mga ito na base militar ng Amerikano, pag-aari ng US, at hindi pwedeng pakialaman ng estado ng Pilipinas.

Pinagtibay din nila US President Joe Biden at Bongbong Marcos ang mga dati nang kasunduang militar sa pagitan ng dalawang bansa, katulad ng Visiting Forces Agreement (VFA), Mutual Logistics Support Agreement (MLSA), at ang kolonyal na Mutual Defense Treaty (MDT).

Mahalaga ang papel ng Pilipinas sa estratehiyang militar ng US, na nakatutok sa pagpihit nito sa Indo-Pacific at pagkontrol sa pamamayagpag ng China. Isa ang Pilipinas sa apat na bansa, kabilang ang Guam, Japan, at Australia, na gagawing *forward postures* o katawagan para sa lokasyon na may mga kulumpon ng base-militar na magsisilbing lunsaran ng pwersang militar ng US. Sa pagbisita ni Bongbong Marcos sa US, pinirmahan din nito ang US-PH Bilateral Security Guidelines bilang pagpapatibay ng mga alyansa sa rehiyon sa usapin ng seguridad. Sinakop din nito ang mga bagong usapin sa *cyberspace*, *transnational crime* and *terrorism*, at South China Sea. Ang

US ang nagdidikta kung ano ang mga hamon at prayoridad sa seguridad, pero inaasahan nito na reresponde ang Pilipinas sa kahit anong patawag.

Makaisang-panig at pakialamero ang US, at higit sa lahat para lang sa sariling interes ang pag-uusap ng "seguridad". Ang militar ng Pilipinas nga ay sunud-sunuran lang sa Amerika. Pero pinagmamalaki ng gobyernong Marcos Jr na bukod sa pagpapalakas ng seguridad at depensa ng bansa, makakatulong din daw ang mga base-militar ng EDCA para mapalakas ang lokal na ekonomiya kung saan sila itatayo. Wala namang pinakitang kongkretong mga plano ang gobyerno kung paano ito mangyayari.

Imomodernisa raw ang sandatahang lakas ng Pilipinas. Noong 1950s pa iyan pinagsasasabi sa ilalim ng MDT, pero hanggang ngayon napakahina ng Armed Forces of the Philippines (AFP), ni hindi nito kayang ipagtanggol ang teritoryo ng bansa. Ang totoo, ang pangangayupapa nito sa Amerika ang nagpahina mismo sa kaniyang kapabilidad na idepensa ang bansa at palagiang umasa sa proteksyon ng US.

Sinasabi rin ng US na ang pagpapatayo ng mga bagong base-militar at pagpapatibay ng EDCA ay nagpapakita ng kanilang dedikasyon para maprotektahan ang soberanya ng bansa. Matagal nang sinasabi ng gobyernong US na suportado nito ang paggigiit ng Pilipinas sa kaniyang teritoryo sa West Philippine Sea, pero wala pa rin naman silang naging kongkretong aksyon sa mga harap-harapang paglabag ng China. Maraming pagkakataon na napalayas at hinaras ang mga mangingisdang Pilipino ng mga tauhan ng China. Maraming *artificial island* at *land reclamation* na rin ang naipatayo ng China sa karagatan ng Pilipinas. Puros pagkakalat ng posibilidad ng gera o *war-mongering*, pambubuyo at pakitang-lakas lang ang ginagawa ng US. Sapat na ito para ipamukha sa rehiyon na siya ang naghahari.

Sa katunayan imbes na maprotektahan ang bansa, mas maiipit lamang ang Pilipinas sa girian ng US at China laluna't parehong may malaking interes ang dalawang makapangyarihang bansa sa Pilipinas.

Hindi rin naman kataka-taka kung bakit gahaman ang US sa pagpapalawak ng kanyang kapangyarihang militar sa buong mundo laluna't ito ang bansang may pinakamalaking ginagastos para sa militarismo. Noong 2022, umabot

sa US$877 bilyon ang gastos ng US para sa military. Mas malaki pa ito sa pinagsama-samang gastos ng malalaking bansang Tsina, Russia, India, Saudi Arabia, United Kingdom, Germany, France, South Korea, Japan, at Ukraine. Malaking negosyo ng US ang pagbebenta ng armas at tinatayang nasa 40% ng lahat ng armas sa mundo ay nagmula sa bansang ito.

Bilang patibay ng mas pinalakas na impluwensyang militar ng US sa rehiyon, ginanap nitong Abril 2023 ang pinakamalaking *Balikatan exercises* sa Pilipinas. Tinatayang lagpas 17,600 na sundalong Amerikano at Pilipino ang lumahok. Sobrang lawak ng naging Balikatan na ito na tumagal nang lampas dalawang linggo na nakaapekto sa kabuhayan ng mga tao sa komunidad na pinagdausan nito. May mga mangingisdang hindi muna nakapalaot dahil nagbaba ng *"no sail zone"* ng ilang araw sa ilang kostal na pamayanan sa Zambales. Dagdag pa rito, nakaistorbo rin sa pang-araw-araw na gawain ng mga taga-komunidad ang ingay ng mga pampasabog at iba pang mga *exercises* na ginawa sa mga panahong ito.

Ang mahalaga para sa US ay ang paglulunsad ng Balikatan na magpapakita sa China ng lakas at presensya ng US sa rehiyon, na handa ang US at ang mga alyadong tuta nito na magkaisang lakas laban sa anumang banta sa tinatawag na Indo-Pacific. May reaksyon naman ang China sa naganap na Balikatan, lalo na at inilapit ito sa Taiwan na kasalukuyang kagirian din ng China.

Nakuha ng US ang militaristang adyenda nito. Nakuha rin niya ang pang-ekonomiyang interes, at ito ang gawing bahagi ang Pilipinas sa *supply chains* ng US, gawing ngipin sa gulong ng makina ng kaniyang ekonomiya. Nagpapalakas ang US ng sarili nitong industriyal na lakas para mapanatili ang paghahari sa pandaigdigang ekonomiya.

Sa unang pagbisita ni Marcos Jr sa US noong Setyembre 2022, ipinagmalaki niyang marami siyang naiuwing pangakong pamumuhunan sa bansa. Ipinamalita niya na mayroon siyang naipon na US$3.9 bilyon na investment pledges na diumano'y makalilikha ng 112,285 trabaho sa *information technology.*

Kalakhan ng mga naipong investment pledges na ito ay galing sa mga kompanya ng *semiconductor*. Karugtong nito ang pagkakaroon din ng malaking plano na magtayo ng pagawaan ng baterya at iba pang mga industriya na may kinalaman sa *electric vehicles* (EVs). Ito ay matapos magkaroon ng *lease agreement* sa pagitan ng Envirotech Vehicles (EVT), na isang kompanya mula sa US, at Berthaphil Inc na kilalang *space leasing* na kompanyang nakabase sa Clark Freeport Zone. Pinagmamalaki ng gobyerno ang *partnership* na ito, pero kung tutuusin mangungupahan lang ang EVT sa Clark Freeport Zone at hindi ibig sabihing magtatayo na ang Pilipinas ng lokal na industriya para sa paggawa ng baterya. Ganansya pa ng EVT na isa ang Pilipinas sa may pinakamalaking reserba ng *nickel* na siyang pangunahing materyal sa paggawa ng baterya.

Halimbawa ito ng kung paanong ang dayuhang pamumuhunan ay hindi naman talaga nakakatulong sa pagpapalago ng lokal na industriya. Sa katunayan, pinagsasamantalahan ng mga dayuhang mamumuhunan ang murang materyales, murang lakas-paggawa, at murang imprastraktura sa mga itinayong *economic zones*, para kumita nang husto.

Maliban sa direktang pagtatayo ng mga negosyo sa bansa, malaki rin ang impluwensya ng US sa mga pangkalakalang batas sa bansa. Dahil mayroong bilateral na Trade and Investment Framework Agreement ang Pilipinas at US, magiging madali at mura na lamang para sa US ang pag-aangkat ng kaniyang mga produkto sa bansa. Samantala, lugi ang Pilipinas dahil hilaw na materyales lamang ang kaya nitong iluwas at ibenta sa US.

Sasamantalahin ng US ang mga target para sa *clean energy* at *renewable energy* ng Pilipinas para maipasok ang sarili nitong mga korporasyon at puhunan para sa mga ito. At dahil pinapayagan na sa bansa ang 100% na dayuhang pagmamay-ari sa iba't ibang yutilidad tulad ng *railways*, *airports*, *expressways,* at *telecommunications*, mas lalo pang magiging kaaya-aya sa US ang paggamit sa Pilipinas bilang lokasyon o bahagi ng supply chains sa mga negosyong itatayo nito.

Nagpalakas si Marcos Jr sa Amerika, mula sa pagpayag sa pagpapalawak ng base militar ng US, kahit na tutol ang marami rito, hanggang sa pagsisiguro na maluwag na makapagnegosyo ang mga Amerikanong korporasyon sa bansa at magsisilbing suplayer ang Pilipinas ng murang lakas paggawa at materyales.

Pero hindi ito isinagawa na simpleng pagpapaalipin at pagpapasakop lang – sa katunayan may interes ang pamilyang Marcos na pabanguhin at pagandahin ang pangalan nila sa US at sa buong mundo.

May mga kaso pa ang pamilyang Marcos sa US. Ang pagkukukumahog na makipagbalikan sa US ay para rin sa pag-abswelto sa kanilang mga kaso at maruming pangalan. Bukod pa rito, ang pangangayupapa niya sa US ay ang isa sa kaniyang mga alas para hindi siya agad-agad mapatalsik sa pwesto.

Hindi kailanman magiging hadlang sa US ang mga paglabag sa karapatang pantao sa bansa sa kabila ng pagpostura nito noon na kesyo nabahala sa Martial Law at mga abuso ng pamilyang Marcos. Sa kaibuturan, oportunista ang imperyalismong US, madaling pumihit para makuha ang gusto nito mula sa gobyernong Marcos Jr. Kaya nga kahit alam na alam ng buong mundo ang madilim na kasaysayan ng Pilipinas sa ilalim ng diktadurang Marcos Sr., nakipag-unahan pa ang US para ipaabot ang pagbati kay Marcos Jr. Mas mahalaga ang mithiin nito na mapanatili ang militarista at pang-ekonomiyang kontrol sa Asya-Pasipiko. Indikasyon ang mga aktibong panghihimasok ng US sa rehiyon na higit pang gagamitin nito ang gobyernong Marcos Jr at ang Pilipinas para protektahan ang sariling interes. Sa gitna nito ang mamamayan na sa kabila ng lumalalang krisis panlipunan ay nakakaladkad sa panggegera ng US.

5 Ano-ano ang mga tunay na reporma na dapat iginigiit ng mamamayan?

Bibigat ang pasanin ng mamamayan. Patuloy na gagamitin ng gobyernong Marcos Jr at ng mga kaalyado nitong mga politiko at malalaking lokal at dayuhang negosyante ang kalagayan ng bansa para maitulak pa ang neoliberalismo na magsisilbi sa kanilang mga pansariling interes.

Pero hindi masasabing dumaan ang isang taon na hindi nagtulak ang mamamayan ng mga kahilingan, panukala, karapatan at pakikibaka para mapabuti ang kanilang kalagayan. Hindi masasabing ikinatuwa ng masa ang pabyahe-byahe, kawalang-aksyon, kawalang-imik ni Bongbong Marcos, o kung magsasalita naman ay puros pambobola lang. Nagngingitngit sa galit

ang taumbayan sa unang taon pa lang. Mistulang walang dahilan para tumagal pa ito.

Ngayong papalapit na ang pangalawang SONA ni Marcos Jr, lalabas na naman sa kaniyang bibig ang mga kasinungalingan tungkol sa tunay na kalagayan ng bansa. Patuloy niyang pagtatakpan gamit ang sagad-saring disimpormasyon ang kaniyang kahinaan sa pamumuno. Gagamitin din niya ang mga token niyang proyekto sa kaniyang unang taon para masabi na hindi siya naging pabayang pangulo. Malayong-malayo sa katotohanan ang nararanasan ng taumbayan.

Sa buong taon, walang humpay sa pagdemand ang mga manggagawa ng umento sa sahod, ang mga maralita ng ayuda nang makaagapay sa krisis, ang mga magsasaka ng suporta sa kanilang produksyon, ang taumbayan ng aksyon sa lumalalang krisis sa pamumuhay. Iginiit ang mga ito, at organisadong inihapag ng mga organisasyong masa. Panlipunang serbisyo, tapat at malinis na paggogobyerno, mga karapatan, kalayaan sa pamamahayag at pag-oorganisa – ang lahat ng ito ay tuloy-tuloy na ipinapaliwanag at iginigiit. Sadyang manhid at walang pakialam ang gobyernong Marcos Jr.

Ipinagpapatuloy ng mga manggagawa ang paggiit sa gobyerno na i-mandato ang nakabubuhay na sahod. Hindi dapat maging sunud-sunuran lamang ang gobyerno sa pribadong sektor o sa mga oligarko sa ekonomiya, sa ilalim ng neoliberalismo. Dapat mismong gobyerno ang magbigay ng nakabubuhay na sweldo sa kaniyang mga kawani lalo na sa sangkaguruan at mga manggagawa sa sektor ng kalusugan na ilang taong pinababayaan ng pamahalaan. Ibigay sa kanila ang nararapat nilang benepisyo at sahod bilang mga tapat na naglilingkod sa bayan.

Iginigiit din ang sapat na badyet para sa mga panlipunang proteksyon at serbisyo tulad ng edukasyon, kalusugan, pabahay, at iba pang suporta para sa mga maralita. Iginigiit na lakihan ang alokasyon para rito dahil ito ay mga serbisyong direktang sumasagot sa pangangailangan ng mamamayan. Napakalaki ang naging kakapusan ng gobyernong Marcos Jr para sa serbisyong panlipunan ngayong taon, laluna at nais nang ideklara ng pamahalaan na tapos na ang pandemya. Mangangahulugan lang ito ng

pagbabawas ng badyet para sa mga programa sa kalusugan at pagdadahilan na tuluyan nang alisin ang mga suporta sa mahirap at maliliit na empresa.

Hindi tumitigil ang paghingi ng ayuda mula sa pamahalaan laluna't nananatiling mababa ang sahod at kita ng masang anakpawis sa kalagitnaan ng mataas na presyo ng mga bilihin at kawalan ng sapat na badyet sa serbisyo at proteksyong panlipunan. Hanggang ngayon ay wala pa ang ipinangako ng gobyernong Marcos Jr na ayuda habang ang badyet na nakalaan ay nasa kamay pa rin ng pamahalaan. Walang tigil ang paniningil sa kapabayaang ito.

Hindi rin dapat pahintulutan ang mga panukalang regresibong pagbubuwis tulad ng dagdag na sin tax at pagpapalawak sa VAT. Mas mabigat ang pagbubuwis na ito sa kalakhan ng populasyon, habang ang mga mayayaman at naghaharing uri ay nakakatakas sa pagbabayad ng mas malaking buwis. Patuloy ring iginigiit ang pagpapataw ng *wealth tax* sa mga pinakamayayamang pamilya sa bansa. Ito ang dapat pagkuhaan ng dagdag na rekurso ng gobyerno para sa mga batayang serbisyo at pagpopondo sa mga tunay na programang pangkaunlaran.

Hindi tumatahimik ang publiko sa pagtutol sa Maharlika Investment Fund, dahil wala itong maidudulot na maganda sa bansa at huhuthutan lamang ng pamilyang Marcos at ng kanilang mga kasapakat. Kahit pa maging batas ito na pirma na lamang diumano ng pangulo ang hinihintay, hindi titigil ang taumbayan sa pagkwestyon dito at paggigiit sa pagbasura ng mga maanomalyang batas.

Sa kabila ng lumalalang paglabag sa karapatang pantao at pagkipot ng espasyo sa demokratikong pagkilos, patuloy ang panawagan sa pagpapabasura sa ATL at NTF-ELCAC, na instrumento para patahimikin ang mga kritiko ng gobyerno, at pinagsasayangan ng bilyon-bilyong pondo na ginagamit na lang sana para sa mga batayang serbisyo.

Sa kabila ng lahat, walang takot na hinaharap at nilalabanan ng mga aktibista at organisasyong masa ang red-tagging, pagpataw ng gawa-gawang kaso sa kanila, at paggamit sa ATL bilang armas laban sa nakikibakang mamamayan. Buong tapang ding hinaharap ang pagpapalaya sa mga

bilanggong politikal, paggigiit sa gobyerno na ilitaw ang mga biktima nito ng enforced disappearances, pagpapanagot sa gobyerno sa extrajudicial killings at mga krimen ng nagdaang administrasyon. Dapat sagutin rin ng gobyernong Marcos Jr ang masahol na rekord nito sa karapatang pantao na napuna na sa United Nations Periodic Review. Hindi rin tumatahimik ang mga mamamahayag sa pagbatikos sa panunupil ng pamahalaan sa kanilang mga karapatan sa pamamahayag at sa paglaban sa disimpormasyon ng gobyerno. Hindi nagpapabudol ang mulat na sambayanan.

Nakabalangkas ang mga pagsusumikap na ito sa mga estratehikong panawagan ng mga organisasyong masa, civil society, at lahat ng mamamayang nagmamalasakit sa kapakanan ng bansa. Pangunahin ang pagpaprayotisa sa pagpapaunlad ng mga esensyal na sektor ng agrikultura at manupaktura. Dito nakasalalay ang tunay na pag-unlad ng lokal na ekonomiya at paglikha ng makabuluhang trabaho para sa lahat. Kaugnay nito ang libreng pamamahagi ng lupa sa mga magsasaka at pagbibigay ng suporta sa kanila para mapataas ang produksyong agrikultural at magkaroon ng seguridad sa pagkain, isang batayang pangangailangan para sa pag-unlad. Mahalagang komponent ang pagtatayo ng mga lokal na industriya na sasagot at lilikha ng mga produktong kailangan ng bansa. Sa dulo, kailangan may deklarasyon na ang patakaran ng pambansang industriyalisasyon ang gagabay sa pagplaplano ng pamahalaan sa pag-unlad.

Mangangailangan ang mga estratehikong panawagang ito ng isang malakas at matatag na estado na may tanaw na pambansa at para sa mamamayan at hindi nangangayupapa sa dayuhan. Hindi ang gobyernong Marcos Jr. Kaya naman, higit sa lahat mangangailangan ang mga perspektibang ito ng isang solido, malawak at malakas na kilusang masa.